

Patungkol sa Incarnation

By: Paul Jake Tolentino

John 1:1 In the beginning was the Word; and the Word was with God; and the Word was God.

John 1:14 And the Word was made flesh, and dwelt among us, (and we beheld his glory, the glory as of the only begotten of the Father,) full of grace and truth.

1 Timothy 3:16 And without controversy great is the mystery of godliness: God was manifest in the flesh, justified in the Spirit, seen of angels, preached unto the Gentiles, believed on in the world, received up into glory.

Ang tatlong mga verses na ito ay mga biblical passages na tumutukoy sa incarnation o pagkakatawang-tao ng Dios. Habang ang mismong salita na “incarnation” ay wala sa Biblia, ngunit ang principle at konsepto nito ay pinatotohanan ng Scriptures.

Ang salitang “incarnate” ay nanggaling sa salitang Latin na *incarnat*, galing sa verb na *incarnare*, galing sa mga salitang “in” which means *into*, and *caro, carn* which means flesh . Ang ilan sa mga synonyms o salitang kasingkahulugan ay ang mga sumusunod: *in human form, in the flesh, in physical form, in bodily form, made flesh, made manifest, corporeal, physical, fleshly, embodied* ¹.

Although ang ibang mga relihiyon kagaya ng Hiduismo ay mayroon ding similar na konsepto, hindi natin dapat na iugnay ang mga ito sa biblical context ng konsepto ng *incarnate*. Ang salitang ito ay tinatayang unang ginamit noong Middle English Period (1150 – 1500)², at sa Biblical context ay walang dudang tumutukoy sa pagpapahayag ng Dios sa laman o sa Kaniyang pagkakatawang-tao.

¹ "Google Dictionary." Oxford Languages, <https://languages.oup.com/google-dictionary-en/>. . Accessed 25 Apr. 2025.

² "Incarnate." *Oxford English Dictionary*, Oxford University Press, https://www.oed.com/dictionary/incarnate_adj. . Accessed 25 Apr. 2025.

Ang Pakikipag-ugnayan ng Dios sa Tao

Ang Dios bagaman Siya ay mataas, higit sa lahat at walang kapantay, Siya ay nakikipag-ugnayan sa Kaniyang mga nilalang. Ito ay isang katotohanan na makikita natin sa history ng tao as revealed sa atin ng Scriptures:

Hebrews 1:1 God, who at sundry times and in divers manners spake in time past unto the fathers by the prophets,

Ang Dios, na nagsalita nang unang panahon sa ating mga magulang sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta

Ang Dios na nagpahayag sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan ay Dios na nakikipag-ugnayan. Ang mga tinatawag na *Deists* ay naniniwala din sa Dios, ngunit para sa kanila, matapos likhain ng Dios ang lahat ay hindi na siya nakipag-interact, o nag-intervene o nakipag-ugnayan sa Kaniyang nilalang, kagaya ng isang gumawa ng orasan at ng ito ay tumatakbo na ay hinayaan na sa kaniyang sarili. HINDI TAMA ang pananaw na ito. Malinaw na ang Dios ay nakipag-ugnayan sa tao at nangusap sa atin, sa pamamagitan ng Kaniyang salita na ibinigay Niya sa mga propeta ng sinauna at iba pang mga tao na Kaniyang ginamit. Ang Bible ay patunay na ang ating Dios ay nakikipag-ugnayan sa atin.

Theophany

Ngunit higit pa sa mga salita Niya na naisulat sa Biblia, makikita din natin na Siya mismo ay makailang beses na panandaliang nagpakita at nakipag-ugnayan sa tao sa panahon ng Old Testament. Ang mga nag-aaral ng Biblia ay tinatawag ang mga temporary na manifestation ng Dios na ito sa Old Testament na *theophanies*.

Ang *theophany* ay nanggaling sa salitang Griego na *theos* na nangangahulugang 'Dios'; at *phainein* na nangangahulugang 'to show or to appear'. Sa Old Testament ay mababasa natin na ang Dios ay napakita sa isang temporary na manifestation upang kausapin ang Kaniyang mga lingkod, at ilan ay ang mga sumusunod:

1. In Genesis 18, ang Dios ay napakita kay Abraham kasama ang 2 anghel sa anyo ng 3 lalake (*en-oshe* sa Hebrew, meaning a mortal or man in general).
2. In Genesis 30, nakipag buno si Jacob sa isang lalake (man or *iysh* in Hebrew, meaning a male individual), at later on sa pahayag ni Jacob, ito pala ay ang Dios (verse 30).
3. In Exodus 3, ang Dios ay nakipag – usap kay Moses sa pamamagitan ng burning bush. Although binanggit sa verse 2 na ang *Angel of the LORD* ang napakita kay Moses, ngunit malinaw sa mga sumunod na mga verses na ang Panginoong Dios mismo ang nagsasalita mula sa burning bush. Ayon sa aklat ni David K. Bernard na *Oneness of God*, ang paliwanag patungkol sa *Angel of the LORD* ay maaaring isa sa mga sumusunod:
 - A . Ang *Angel of the LORD* ay direct theophany ng Dios;
 - B. Ang *Angel of the LORD* ay gumagawa o nagsasalita as direct agent ng Dios;
 - C. Ang *Angel of the LORD* ay nandoon visibly present, ngunit ang Dios mismo ay nandoon din invisibly present at nagsasalita.³
4. Maraming iba pa kagaya ng pagpapakita ng Dios kina Manoah, Hagar, Joshua, etc.

Ano ang ipinahihiwatig nito sa Lumang Tipan? Ito ay nagpapatunay na ang Dios ay nakikipag-ugnayan sa physical world. Siya ay Dios na may pakialam at concern sa Kaniyang mga nilalang, lalo sa ating mga tao. Siya ay acquainted at sinabi pa ng Bible na inaalala tayo ng Dios.

Ang Concept of God sa Greek Philosophy at Ang mga Apologists

Bago natin talakayin kung ano ang kahulugan ng sinulat ni Juan sa prologue ng kaniyang gospel book, talakayin muna natin ang ilang maling concept patungkol sa *Logos*.

Ang idea na ang Dios sa Kaniyang essence bilang Spirit ay hindi maaaring makipag-ugnayan sa physical world dahil sa Kaniyang *transcendence*, at dahil ang physical

³ Bernard, David K. *The Oneness of God*. Word Aflame Press, 1983, pp. 36-38.

realm ay malayo sa Kaniyang pagiging perfect, kaya hindi maaari na Siya mismo ang bababa sa lupa, ay concept na hindi galing sa Biblia, kundi galing sa Greek philosophy, na ng kinalaunan ay pumasok sa doktrina ng Christendom.

Si Plato na isa sa pangunahing philosopher na nanggaling sa Athens, Greece ay malaking impluwensya sa kaisipan ng maraming mga intellectual noong panahon ng Greco-Roman Period. Ang idea ni Plato patungkol sa Dios ay nagkaroon ng malaking bahagi sa interpretation ng Bible at pagkaunawa sa Dios ng mga Griegong sa kinalaunan ay na-convert sa paniniwalang Kristiyano. At marami sa mga taong ito na mga aral sa Greek Philosophy ay ipinasok ang kanilang pagkaunawa sa kalikasan ng Dios mula sa kinagisnang pilosopiya sa kanilang mga pagpapaliwanag ng Biblia, sa mga hindi mananampalataya na tumutuligsa sa mga Kristiyano. Tinawag silang mga *Apologists* na naggaling sa salitang Griego na nangangahulugang *to defend or to answer*. Ilan sa kanila ay sina Justin Martyr, Tatian, Theophilus at Athenagoras. Ano nga ba ang concept ng Dios ayon sa Greek Philosophy na si Plato ang isa sa mga major influencers?

Ayon kay Plato, mayroong umiiral na dalawang magkaiba ngunit magkaugnay na realms or mundo: ang Physical Realm, at ang Realm of Forms.

Ang physical realm ay ang material na mundo. Ito ay binubuo ng lahat ng bagay na material kagaya ng ating mundo, mga hayop, ang kalikasan, at maging tayong mga tao. Sa Kabilang banda naman ay ang perfect na realm, ang Realm of Forms na immaterial, abstract, unchanging, perfect, and transcendent (matayog at higit sa material na katayuan) ideals o mga konsepto na beyond space and time. Ang physical realm at lahat ng nandito ay ginagaya or ini-imitate lamang ang realidad na nasa Realm of Forms. At ayon sa kaniya, ang pinakamataas sa mga forms and ideals na ito ay ang Dios. Siya ay ang pinaka-perfect and transcendent being, at Siyang source ng lahat ng forms. Ngunit dahil Siya ay transcendent, hindi maaari na ang highest, most perfect form that is God, sa Kaniyang sarili ay bababa o makakapasok sa physical realm bilang isang substance or entity nito.

Ang Demiurge at Logos sa Platonian Philosophy

Dahil ang “Dios” o “Form of Good” ayon kay Plato sa kaniyang sulat na *Timaeus*, ay hindi maaaring makapag interact sa physical realm. Ipinakilala niya ang concept ng *demiurge*, na ayon sa kaniya ay isang divine craftsman, na sa pamamagitan ng forms at reason o *logos*, ay siyang gumawa ng material or physical world. So para kay Plato, ang Dios ay untouchable and transcendent, ngunit Siya nag source ng lahat ng forms and ideas, kasama na ang *Logos*, ang divine thought or reason. At ang *demiurge* naman ay ginamit ang *Logos* para likhain ang physical world.

Later on, pagdating ng Neoplatonism (2nd-3rd century AD), si Plotinus ay nagsimulang magturo na ang *demiurge* ay isang ‘emanation’ na nanggaling sa Dios (halintulad sa nag-flow galing sa Dios).

Ito ang background ng Greek philosophy na pinaniwalaan noong mga panahong ito patungkol sa Dios. Kaya ng dumating ang panahon na may ilang mga intellectuals, mga philosophers gaya ni Justin Martyr (pinaka-popular sa mga Apologists), dinala niya ang mga konseptong ito sa kaniyang mga *apologies* o mga sulat bilang sagot sa mga tumutuligsa sa Kristiyanismo. Sa pamamagitan nito ay pinag-isa nila ang mga katuruan at konsepto ng Greek philosophy, na wala sa Bible. At later on, ito na ring kaisipang ito ang naging pundasyon ng doktrina ng Trinitarianism.

Sa pilosopiyang ito, ang Dios ay hindi maaaring bumaba mismo kaya ipinadala Niya ang Kaniyang emanation, ang *logos*, na Siyang naging tagapagligtas ng tao. Ito later on ay pinalitan ng mga termino na Ama at Anak, ang dalawa sa tatlong persona ng pagka-Dios sa doktrina ng trinity.

Babala ng Bible Laban sa Maling mga Pilosopiya

Dahil sa mga sulat na ito ng mga apologists, naipasok ang hindi biblical na interpretasyon patungkol sa Dios, lalo na ang *Logos* na binanggit ni Apostol Juan sa prologue ng kaniyang gospel book (chapter 1).

Walang duda, ang konseptong ito ng *logos* ay pamilyar at common na noong panahon pa lamang ng Apostol. Nang sinulat niya ang gospel (between 90 – 100 AD),

ay lumalaganap na din ang Gnosticism at nagsisimula ng pumasok sa church. Sa katunayan ay isa ito sa mga false teachings na inaddress ni Apostle Paul sa kaniyang nauna nang sulat sa Colossas, mga 30 taon ang nakaraan.

Ang mga Gnostics ay naniniwala na ang Panginoong Hesus ay isa lamang sa mga *aeons* o *emanations* ng Dios, at ang *pleroma* ay ang tinatawag na kabuuan ng lahat ng mga *emanations* or forms na nagbuhat sa Dios. Ngunit sinalungat ito ni Pablo nang kaniyang sinabi na ang Panginoong Hesus ay hindi lamang isa sa mga *emanations* galing sa Dios, bagkus ang *pleroma*, ang kabuuan o fulness ng pagka-Dios ay nasa Kaniya at nagbigay babala laban sa mga pilosopiyang ito:

Colossians 2:7-9 Rooted and built up in him, and stablished in the faith, as ye have been taught, abounding therein with thanksgiving.

Beware lest any man spoil you through philosophy and vain deceit, after the tradition of men, after the rudiments of the world, and not after Christ.

For in him dwelleth all the fulness of the Godhead bodily.

Ngayon ay tumungo na tayo sa sinulat ni John patungkol sa incarnation.

Ang Logos sa John Chapter 1

Sa pagsulat ni Juan ng kaniyang gospel book, mapapansin natin na hindi na niya masyadong inulit ang mga nasabi na sa 3 naunang accounts na tinatawag din nating synoptic (Matthew, Mark, Luke). Ito ay hindi dahil magkaiba or contradicting ang kaniyang account sa nauna, ngunit ito ay dahil may iba siyang layunin sa pagsulat nito. Divinely inspired of the Holy Spirit, sinulat ni Juan ang aklat para sa layunin na ipakilala kung sino talaga si Jesus Christ (John 20:31). Kaya mas in-emphasize niya ang mga salita mismo ng Panginoon, at mababasa natin sa kaniyang aklat na makailang ginamit ng Panginoon ang katagang "I AM" (Ego eimi), na siyang pangalan ng Dios na ipinahayag sa Old Testament.

Ang layunin ng Gospel of John is to reveal the divinity of Jesus Christ. Siya ay Dios. In fact, nirecord niya sa huling bahagi ng aklat ang confession ng isa sa mga Apostol na si Thomas, kung sino si Jesus:

John 20:28 And Thomas answered and **said unto him, my Lord and my God.**

Dahil sa paglaganap ng Gnosticism at mga pilosopiya ng tao patungkol sa Dios at kung sino ang Panginoong Hesus, kaya sumulat si Juan ng kaniyang account. With that in mind, ating suriin ang mga unang verses sa kaniyang sulat:

John 1:1 In the beginning was the Word; and the Word was with God, and the Word was God.

Ang 'Word' dito ay *Logos* sa original. Ito ay nangangahulugang salita, ngunit nangangahulugan ding plano, o kaisipan o reason. Aware si Apostol Juan sa terminong ito, at na kanilang ikinocconnect ang *logos* sa Panginoong Hesu Kristo, na Siya ang Divine Reason, ngunit gaya ng nangungunang pilosopiya ng panahong ito, ang *logos* para sa kanila ay emanation lang ng tunay na Dios, at hindi ang tunay na Dios. Iwinasto ni Juan ang kanilang maling paniniwala na ito.

Ang plano ng Dios na iligtas ang tao sa pamamagitan ng Kaniyang sariling dugo ay naisakatuparan nang namatay ang Panginoong Hesus sa krus. Ngunit ang planong ito ay hindi isang afterthought lamang. In fact, sa Revelation, na si Juan din ang sumulat, sinabi niya na ang Lamb of God slain from the foundation of the world (Revelation 13:8).

Bago pa man naitatag ang sanglibutan, bago pa man nagkasala si Adan at Eba ay nandoon na ang plano ng pagtutubos sa isipan ng Dios. He is the God that declares the end from the beginning. Hindi reactionary or Plan B lamang ang redemption plan. Nasa isipan na ito ng Dios.

Kaya ng sinabi ni John na *In the beginning was the Word*, ito ay patunay lamang na mali ang idea ng Greek philosophy patungkol sa Logos. Hindi siya emanation ng Dios. Dahil ng pasimula ay nandoon na ang Logos. Before the created beings, the Logos is

already there. Kung ang Logos ay emanation lamang, dapat wala pa ang Logos sa pasimula. Ngunit naroon na Siya ng pasimula.

Ang ginamit ni John na katagang *In the beginning* ay malinaw na allusion sa Genesis 1:1;

Genesis 1:1 In the beginning, God created the heaven and the earth.

Bilang isang Hudyo, ang katagang *in the beginning* (*beresit* in Hebrew), ay alam na alam nila bilang unang mga salitang nakasulat sa Scriptures. John could not have used it in coincidence. Sadyang ginamit ito ni John upang dalhin ang mga mambabasa pabalik sa pasimula ng creation.

So nandoon na ang *Logos* ng pasimula. Wala pa ang mga anghel, nandoon na ang *logos*. Wala pa ang bundok, araw at mga bituin, nandoon na ang *Logos*. Nandoon na ang Divine Plan of redemption, ang plano ng kamatayan ng Panginoong Hesu-Kristo sa krus at pagkabuhay Niyang muli upang tubusin tayo sa ating mga pagkakasala.

Ang pangalawang clause ay nagsabing, *and the Word was with God*.

Kung ang isipan ng bumabasa ay may preconceived idea na ang Dios ay maraming persona, or na ang *Logos* ay isang emanation ng Dios na hiwalay sa Kaniya, ang nagiging interpretation sa clause na ito ay ang *Logos is face to face with God*, meaning a separate or distinct existence. Ngunit tandan natin na ang sumulat na si Apostle John ay isang Hudyo, isang strict monotheist or naniniwala sa iisang Dios at walang ibang Dios maliban sa Kaniya. Kaya ang ganitong interpretation ay hindi magiging consistent sa katuruan ng Biblia mula sa Lumang Tipan hanggang sa Bagong Tipan na isa lamang ang Dios. Kung gayon, ano ang ibig sabihin ng clause na ito?

Ang salitang 'with' o *pros* sa Greek ay nangangahulugan ding *pertaining to*. Ibig sabihin ng kataga ay, ang *Logos* is God's divine plan. It belongs to God. It is in the mind of God. Kung paanong ang salita ng tao or pag-iisip ng tao ay hindi maaaring maihiwalay bilang separate entity sa taong iyon. Gayon din, ang *Logos* ay the mind of God.

Ngunit, kailangang linawin natin na ang *logos* bilang salita o plano ng Dios ay hindi isang emanation lamang na lumabas sa Kaniya at nag-eexist na hiwalay sa Dios. Ang *Logos* ay hindi isang abstract idea na nag-flow galing sa Dios na umiiral ng hiwalay sa spiritual realm, gaya ng konsepto ni Plato. Walang ganitong konsepto sa Biblia. Ang *Logos* ay hindi din bahagi or part lamang ng Dios na maaaring ihiwalay sa Kaniya.

Kung ang *Logos* ay bahagi lamang ng Dios, ito ay magiging kahawig sa paniniwalang trinitarianismo, na nagsasabing ang pagka-Dios ay binubuo ng 3 persona, at ang *Logos* ay parte lamang ng Godhead na ito. Tataliwas ito sa sinabi ng Scriptures sa above-mentioned verse na ang Panginoong Hesus ay hindi bahagi kundi nananahan sa Kaniya ang kapuspusan ng pagkaDios.

Colossians 2:9 For in him dwelleth all the fulness of the godhead bodily.

Paanong magiging bahagi lamang kung nasa Kaniya ang kabuuan? If the *logos* is just a part of God, when He became flesh, why is it that all the fulness is in Him? Hindi maaaring nasa iyo ang kabuuan ng isang bagay, kung bahagi ka lamang ng bagay na iyon. Being a part denotes incompleteness. Ngunit malinaw na sinabi pa ng Biblia na *ye are complete in Him*.

Upang linawin ito mabuti, this is affirmed by the 3rd clause:

And the Word was God.

Ang *Logos* ay hindi emanation lamang, parte o bahagi lamang ng Dios. Ang Verbo ay Dios. Napakalinaw nito, lalo kung ating isasaalang-alang na ang sumulat ay isang strict monotheist. Kapag binanggit ng isang Hudyo ang Dios, wala na silang ibang Dios na iniisip kundi ang nagiisang Dios na Makapangyarihan sa Lahat. Sabi nga ni David Bernard sa kaniyang aklat,

“In John 1, the Word is God’s self-revelation or self-disclosure. Before the Incarnation, the Word was the unexpressed thought, plan, reason, or mind of God. In the beginning, the Word was with God, not as a distinct person but as God Himself – pertaining to God much as a man’s word pertains to him. The Greek word order is emphatic: **‘The Word was God Himself’** (John 1:1, Amplified). In the fulness of time

God revealed Himself in flesh (1 Timothy 3:16). ‘The Word was made flesh’ in the person of Jesus Christ (John 1:14). The Word was revealed in the Son.”⁴

The Word was God Himself. Hindi Siya iba, o bahagi, o emanation lamang ng Dios, kundi Siyang Dios mismo.

Ang Word (*memra/dabar*) in the Old Testament

Higit pa sa terminong pang pilosopiya, ang ‘Word of God’ ay isa ding pamilyar na termino or konsepto sa mga Hudyo na kagaya ni Juan. Sa Old Testament, pinakita na ng Dios kung paanong ang Salita ng Dios ay ang Kaniyang paraan ng pakikipag-ugnayan sa tao:

Psalms 107:20 He **sent his word**, and healed them, and delivered [them] from their destructions.

Isaiah 55:11 So shall **my word** be that goeth forth out of my mouth: it shall not return unto me void, but it shall accomplish that which I please, and it shall prosper [in the thing] whereto I sent it.

Ang ‘Word’ sa Hebreo ay *dabar*, or sa Aramaic ay *memra*. Ang konsepto na ang Dios mismo ay nakipag-ugnayan sa pamamagitan ng Kaniyang salita ay hindi isang foreign na concept sa mga Hudyo. Nakita nila ang mga examples nito sa kanilang kasulatan kaya pamilyar sila dito. Kaya ng sinulat ito ni Juan, ito ay isang concept na common sa mga tagapakinig at taga basang mga Hudyo.

Hindi nila itinuturing na ibang persona o bahagi lamang ng Dios ang Salita Niya. Kahalintulad ito ng ‘glory’ (*kavod* in Hebrew) or ‘presence’ (*shekinah* in Aramaic). Ang glory and presence ng Dios ay hindi itinuturing na hiwalay sa Dios o bahagi lamang ng Dios.

⁴ Bernard, David K. *The Oneness View of Jesus Christ*. Word Aflame Press, 1994, p. 18.

Mga Variant Interpretation ng John 1:1

May ilang mga interpretation sa John 1:1, particular sa 2nd and 3rd clause nito. Ilan sa mga ito ay ang sumusunod:

- May nagsasabi na ang 2nd clause, *and the Word was with God*, na sa Greek ay *kai theos ein pros ton theon*, ay nangangahulugang *the Logos was face to face with God* (indicating pre-existence and distinct existence of the Logos as the 2nd Person). Again, ang interpretation na ito ay mabubuo ng isang taong may pre-conceived idea na maraming persona sa pagka-Dios. Ngunit kung pananatilihin natin ang doktrina ng Biblia na ang Dios ay isa at walang iba bukod sa Kaniya, hindi ito ang magiging tamang pakahulugan. Gayundin, dapat tandaan na ang tamang kahulugan ng salita ay nakaayon sa context o pagkagamit nito. At ang salitang *pros* ay nangangahulugan ding 'pertaining to'. (Examples: Hebrews 2:17, Hebrews 5:1)
- May mga nagsasabi na ang 3rd clause, *and the Word was God*, or sa Greek ay *kai theos ein ho logos*, ay nangangahulugang ang *logos* ay isang dios, kaya tintraslate ito ng iba na, *and the Word was a god* (New World Translation). Ito ay based sa Sahidic Coptic version na mayroong indefinite article bago ang salitang God (a god). Nguni't ito ay malinaw na hindi ang tama at orthodox na pakahulugan sa 3rd clause ng John 1:1. Ito ay ang sinusuportahang version ng Jehovah's Witnesses dahil sang-ayon ito sa doktrina nila na si Jesus Christ ay hindi ang Makapangyarihang Dios, kundi mas mababang dios lang.
- May mga taong kahit hindi sang-ayon sa NWT version (the Word was a god), ngunit sinasabi pa din na dahil walang definite article ('the' sa English, *ho'* sa Greek, or patungkol sa Dios ay *ton theon*, gaya sa clause 2), hindi daw dapat ipakahulugan na ang 3rd clause ay patungkol sa identity ng *logos*, kundi quality or essence lamang. Technically, ito ang pakahulugan ng mga trinitarians, dahil sa kanila ang *logos* ay ang preexistence ng 2nd person sa Godhead, at Siya ay distinct person, but of same essence with the Father. Kaya may nagsasabi na

ang interpretation daw ng 3rd clause dapat ay *and the Word was divine, o, and the Word was Holy* (same quality with the Father or God, but not same identity). Ito ay **MALING INTERPRETATION**, dahil hindi ito sang-ayon sa doktrina ng Biblia ng pagiging isa ng Dios. Lumalabas na maraming persona ang Dios at sila ay magkaiba ngunit pareho lamang ng kanilang quality or essence (homoiousios). Bilang naniniwalang isa lamang ang Dios, kung may masumpungan kang nagtataglay ng quality or essence of God, nasumpungan mo ang nag-iisang Dios, at wala ng iba. Hindi maaaring mayroong magtaglay ng buong quality or essence ng Dios na isang entity na hiwalay o distinct sa Dios, dahil kung gayon ay mayroon ka ng ibang dios; dalawa na ang Dios mo (o tatlo), at hindi isa.

- Sa nagsasabing ang tamang interpretation ng 3rd clause ay *and the Logos is divine*, paglilinaw lamang, ano ang ibig sabihin ng 'divine'? Hindi ito nangangahulugang 'banal', dahil may ibang salita para sa banal, maging sa Greek (*hagion*). Ang ibig sabihin ng 'divine' ay pertaining/belonging to God, gaya ng 'divine healing', 'divine intervention', 'divine providence'. Kung ang ibig sabihin ng divine ay pertaining to God or deity, hindi ba iyon na din ang sinabi sa 2nd clause na *and the Word was with God*? Bakit pa inulit ni Juan sa 3rd clause kung pareho lamang pala ang ibig sabihin? Ibig sabihin mali ang interpretation na ito. Kahit walang definite article sa 3rd clause, ngunit sa force of context and harmony to the doctrine of the whole Scriptures, especially sa doctrine of Oneness of God, tama ang translation na, *and the Word was God, o at ang Verbo ay Dios*, pertaining the *Logos* ay may same quality of God, because He is God Himself.

And The Word Was Made Flesh (John 1:14a)

Ano ang ibig sabihin ng mga salitang ito? Ang Verbo na Siya ding Dios ayon sa verse 1 ay nagkatawang tao. Siya ay nahayag sa laman (1 Timothy 3:16) ngunit sa paanong paraan? Ito ba ay sa pamamagitan ng temporary manifestation or theophany kagaya

sa Old Testament? Hindi, kundi, ang Dios ay nag-manifest in the flesh sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao. Ito ang hiwaga na sinabi sa 1 Timothy 3:16;

1 Timothy 3:16 And without controversy great is the mystery of godliness: God was manifest in the flesh, justified in the Spirit, seen of angels, preached unto the Gentiles, believed on in the world, received up into glory.

The mystery of godliness is that God was manifest in the flesh. Ito ang hiwaga na hindi natin lubusang mauunawaan sa ating finite minds: How God became a man. Ito din ang sinabi ni David K. Bernard sa kaniyang aklat na *The Oneness View of Jesus Christ*:

“Ultimately, human explanations of the Incarnation are inadequate. The mystery of godliness is not how God could be both one and three – He is simply one – but how God became a man (1 Timothy 3:16).”⁵

Ang Dios mismo ang bumaba sa langit, at nagkatawang-tao, ngunit di nangangahulugan ito na nawala ang Dios sa langit; nananatili Siyang Dios na Espiritu na pinupuno Niya ang langit ng langit ng mga langit; Ngunit para sa ating kaligtasan, Siya ay pumarito upang ganapin ang plano ng kaligtasan.

Further Study About “Became Flesh”

Sa King James Version, ang ginamit ay ‘was made’, samantalang sa New King James Version naman at sa iba pang salin ay ‘became’. Sa Greek, ito ay *Kai ho Logos sarx egeneto*. Tingnan natin ang dalawang salita dito: ‘was made/became’ (*egeneto*), at ‘flesh’ (*sarx*).

Ang salitang ‘become’ sa normal na English ay nangangahulugang, “to come into existence, to come to be, or to undergo change or development”⁶

So maging sa English na pananalita, ang become (present tense ng became) ay puwedeng mangahulugan ng pisikal na pagbabago, maaari ding ontological na

⁵ Bernard, David K. *The Oneness View of Jesus Christ*. Word Aflame Press, 1994, p. 23.

⁶ "Become." Merriam-Webster.com Dictionary, Merriam-Webster, <https://www.merriam-webster.com/dictionary/become>. . Accessed 23 Apr. 2025.

pagbabago, ngunit maaari ding walang pagbabagong pisikal o ontological, kundi pagbabago lamang ng katayuan, depende sa paggamit.

Examples:

1. When my first son was born, I **became** a father.
2. Mr. Reyes **became** the principal of the school today.

- Ang mga ito ay nagpapakita ng pagbabago ng katayuan, ngunit walang ontological change na ngyari.

Pagdating naman sa Greek word na ginamit ni John, ang *egeneto* ay may ganitong mga kahulugan:

According to A Greek-English Lexicon of the New Testament and Other Early Christian Literature (BDAG or Bauer's Lexicon):

Ginomai (Base form):

1. to come into being through process of birth or natural production, be born, be produced
2. to come into existence, be made, be created, be manufactured, be performed
3. come into being as an event or phenomenon from a point of origin, arise, come about, develop
4. to occur as a process or result, happen, turn out, take place
5. to experience a change in nature and so indicate entry into a new condition, become something
6. to make a change of location in space, move
7. to come into a certain state or possess certain characteristics, to be, prove to be, turn out to be
8. to be present at a given time, be there
9. to be closely related to someone or something

10. to be in or at a place, be in, be there ⁷

According to Strong's Lexicon:

G1096 γίνομαι

Definition: ginomai (ghin'-om-ai) v. 1. to cause to be ("gen"-erate) 2. (reflexively) to become (come into being) {used with great latitude (literal, figurative, intensive, etc.)} [a prolongation and middle voice form of a primary verb] KJV: arise, be assembled, be(-come, -fall, -have self), be brought (to pass), (be) come (to pass), continue, be divided, draw, be ended, fall, be finished, follow, be found, be fulfilled, + God forbid, grow, happen, have, be kept, be made, be married, be ordained to be, partake, pass, be performed, be published, require, seem, be showed, X soon as it was, sound, be taken, be turned, use, wax, will, would, be wrought

Makikita natin na maraming ibig sabihin ang salitang 'became' maging sa English at sa original(Greek), at ito ay nakadepende sa context or paggamit ng salita. In fact, sa mismong same chapter ay ginamit ni John ang parehong salita ngunit iba ang pagkagamit. Examples:

John 1:3 All things were made (*egeneto*) by him; and without him was not any thing made that was made.

John 1:6 There was (*egeneto*) a man sent from God, whose name [was] John.

John 1:14 And the Word was made (*egeneto*) flesh, and dwelt among us, (and we beheld his glory, the glory as of the only begotten of the Father,) full of grace and truth.

Sa John 1:3, ang *egeneto* ay masasabi nating ang ibig sabihin ay *to come into existence*. All things were made (*brought to existence*) by him.

⁷ Bauer, Walter. *A Greek-English Lexicon of the New Testament and Other Early Christian Literature*. 3rd ed., University of Chicago Press, 2000, pp. 173-175.

Sa John 1:6 naman ay maaaring ang kahulugan doon ng *egeneto* ay *to be present at a given time*.

Ngunit sa John 1:14, ang *egeneto* ay maaaring mangahulugan ding *to come into being, to come into existence, to come to a certain state*. Ang form nito ay nangangahulugan din na walang ibang entity na gumawa nito sa Kaniya, kundi ginawa Niya ito sa Kaniyang sarili (Aorist Indicative Middle). Ibig sabihin Siya mismo ang nagkatawang-tao, at hindi ito ginawa sa Kaniya ng iba na wari baga'y mas hiwalay at mas mataas sa Kaniya.

Ang 'flesh' naman or *sarx* sa Greek, ay nangangahulugang:

Strong's:

G4561 σάρξ

Definition: sarx (sarx') n. 1. flesh (as stripped of the skin) 2. (strictly) the meat of an animal (as food) 3. (by extension) the body (as opposed to the soul (or spirit), or as the symbol of what is external, or as the means of kindred) 4. (by implication) human nature (with its frailties (physically or morally) and passions) 5. (specially) a human being (as such) [probably from the base of G4563] KJV: carnal(-ly, + -ly minded), flesh(-ly) Root(s): G4563

BDAG:

1. Flesh, body
2. The body as natural origin (human descent)
3. Sensuous nature, sinful principle

Nang sinulat ni Juan na *And the Word became flesh*, naunawaan natin na hindi ito nangangahulugang ang Dios na Espiritu ay nag-transmutate, nagbagong anyo at naging isang piraso ng laman o karne ng tao, o katawan ng tao. Naunawaan natin na ang *flesh* dito ay TAO hindi lamang laman na literal. Siya ay naging tao.

Mali Bang sabihin na ang Dios ay Nagkatawang-tao, or God became Man?

Binigyan nating pansin ito dahil may mga sumasalungat sa mga terms kagaya ng “Nagkatawang-tao ang Dios” or “God became flesh/man”.

Ang pagsalungat na ito ay nanggagaling sa kaisipan na

1. Ang Dios ay hindi maaaring magbago sa Kaniyang essence bilang Espiritu;
2. Ang *became* ay nangangahulugan na transmutation, o pagpapalit ng ontological nature ng Dios.

Nasagot na natin ito sa mga binanggit natin sa itaas. At ating linawin at ulitin:

1. Tayo ay naniniwala na ang Dios ay di nagbabago. Ito ay nasa Bible:
Malachi 3:6 For I [am] the LORD, I change not; therefore ye sons of Jacob are not consumed.
Ngunit, sa context nitong verse, ano bang ibig sabihin nito? Ito ay tumutukoy sa Kaniyang character at nature bilang mabuti at maawain na Dios.
2. Kapag sinabi natin na ang Dios ay nagkatawang-tao, hindi natin sinasabi na nagpalit Siya ng Kaniyang ontological nature. Hindi natin sinasabi na ang Spirit of God ay nagtransmute o nagtransform sa kapirasong laman. Although hindi natin lubusang alam at maunawaan ang hiwaga ng nangyari sa sainapupunan ni Maria, kung paanong ang Banal na Espiritu ay nilukuban siya at nabuo ang sanggol na si Hesus, hindi natin sinasabi na ang Espiritu ng Dios ay nagibang-anyo.
3. Malinaw sa mga ibig sabihin ng salitang *became* sa English na hindi kailangan ng pagbabagong ontological para gamitin ang salitang ito. Maging sa original na *egeneto* ay hindi din automatic na nangangahulugan itong pagbabagong anyo. Ang tanging instance na makikita natin na ang *ginomai* ay nangahulugang change in form ay nasa Matthew 4:3 at iba ang form nito:

Matthew 4:3 And when the tempter came to him, he said, If thou be the Son of God, command that these stones be made (*genontai*) bread.

Ngunit sa karamihan ng paggamit ng salitang ito, ay hindi palaging nangangahulugang pisikal at ontological change.

4. Kung sasabihin ng iba na walang 'word-for-word' na sinabi na nagkatawang-tao ang Dios, ito ay totoo, ngunit, hindi porket wala 'word-for-word' ay mali na ito. Kagaya na lamang ng dual nature ng Panginoong Hesus. Wala ito word-for-word ngunit nakikita nating malinaw ang prinsipyong ito. (Iba din naman ang 'trinity', wala ito sa Bible, at ang concept na ito ay direktang taliwas sa itinuturo ng Scriptures). Ang John 1:1 at John 1:14 ay magka connect na verses. Dahil ipinagpatuloy ni Juan ang pagsasalita tungkol sa subject ng buong chapter na *Logos*.
5. Malinaw na ang Logos ay Dios mismo. Kaya kung ang Logos ay Dios mismo, at ang Logos ay nagkatawang-tao, hindi mali na sabihin na ang Dios ay nagkatawang-tao. Ito ay isang simpleng application ng isang basic na rule ng logic na tinatawag na "Transitive Rule of Equality", at ito ay ma-illustrate sa ganitong paraan:
If $a = b$, and $b = c$, then you may conclude that $a = c$; hence:
Logos is God, and *Logos* was made flesh; then, God was made flesh.
6. Nang ang Dios ay nagkatawang-tao, hindi kailangan na ang Dios ay mag transmute, o magbago ng Kaniyang ontological essence bilang Spirit. Bakit? Dahil ang tao ay mayroon ding spirit essence. Hindi kailangang mag bagong kalikasan ang spiritu ng Dios, kailangan lamang na mabihisan ito ng laman. No ontological change necessary, kung saan ipinalalagay ng iba na ang Espiritu ng Dios ay nagkaroon ng essential decomposition and composition. Ito ay maling kaisipan.

Sa katapusan, ang article na ito ay naglalayong magbigay linaw sa mga usaping ito na hindi natin maitatangi na mahalagang maunawaan ng isang totoong mananampalataya sa iisang Dios na buhay. Ang Dios na Makapangyarihan sa Lahat

ay Siya ding Dios na hukom na hahatol sa kasanalanan ng tao. Gayun pa man, Siya din ang gumawa ng paraan ng kaligtasan sa pamamagitan ng Kaniyang pagkakatawang-tao, pamumuhay ng masunurin sa kautusan ng Dios, kamatayan sa krus, at ang Kaniyang muling pagkabuhay sa mga patay. Ito ay patunay lamang kung gaano kabuti at kadakila ang Dios na ating sinasamba at pinaglilingkuran.

Purihin ang Panginoon!